

ARALING PANLIPUNAN 7

Pangalan: _____

Petsa: _____

Baitang: _____

Pangkat: _____

Markahan: Una Linggo: Ikatlo MELC(s): Nailalarawan ang yamang likas sa Asya (AP7HAS-Ie1.5)

- **Pamagat ng Textbook/LM na Pag-aaralan:** ASYA: Pagkakaiba sa Gitna ng Pagkakaisa
 - Layunin:
 1. Natutukoy ang mga yamang likas sa Asya
 2. Naihahambing ang mga yamang likas sa Asya
 - Paksa: **Mga Yamang Likas ng Asya**



Tuklasin Natin

Ang mga likas na yaman ng Hilagang Asya. May malawak na damuhan na mainam pagpastulan ng mga alagang hayop tulad ng baka at tupa sa rehiyong ito na pinagkukunan ng lana, karne at gatas. Dahil sa tindi ng lamig dito ay halos walang punong nabubuhay. Ang mga troso mula sa Siberia ang tanging yamang gubat sa rehiyong ito. Sa yamang pangisdaan, produktong panluwas ng rehiyon ang *caviar* (itlog) ng mga *sturgeon* na likas dito. Tinatayang pinakamalaki sa mundo ang deposito ng ginto sa Kyrgyzstan, samantalang ang Tajikistan ay may tatlong uri ng yamang mineral; ang metalikong mineral; ginto, mineral na panggatong; *natural gas*, at industriyal na mineral; *phosphate*. Pangunahing industriya ng Turkmenistan ang *natural gas*, pangalawa ang sa Russia sa produksiyon nito at langis, samantalang isa sa mga nangunguna sa produksiyon ng ginto sa buong mundo ang Uzbekistan. Sa mga lambak ilog at sa mabababang burol ng mga bundok ay may produksyon ng trigo, palay, at barley, gayundin ang bulak, gulay, tabako, *sugar beets*, sibuyas, ubas, at mansanas. Sa pag-aalaga at pagpaparami ng mga hayop tulad ng baka at tupa nagkakaroon ang mga tao ng lana, karne at gatas.

Ang mga likas na yaman ng Kanlurang Asya. Ang Kanlurang Asya ay sagana sa yamang mineral partikular na sa langis at petrolyo. Pinakamalaking tagapagluwas ng petrolyo sa buong daigdig ang Saudi Arabia, at malaki rin ang produksiyon ng langis ng mga bansang Iran, Iraq, United Arab Emirates (UAE), Kuwait at Oman. Karamihan sa mga bansa ng rehiyong ito ay may natural gas, tanso, *bauxite*, *potash*, *zinc*, *magnesium*, *phosphate*, at iba pa. Sa agrikultura, nagtatanim ang mga taga Kanlurang Asya ng trigo, at barley sa mga *oasis*.

Pangunahing produkto sa Iran ang trigo, barley, palay, bulak, mais, tabako, at mga prutas.

Nangunguna naman ang Iraq sa produksiyon ng *dates* at dalandan ang Israel. Panghahayupan ang karaniwang gawain ng mga naninirahan sa mga lugar na bulubundukin at sa mga disyerto sa Iran, Iraq, Syria, Saudi Arabia at Turkey.

Ang mga likas na yaman ng Timog Asya. Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao sa mga bansang nabibilang sa rehiyong ito. Palay ang mahalagang produkto rito bagama't may mga patanim din ng trigo, jute, tubo at mga gulay. Pinakamahalagang likas na yaman sa India ay ang lupa lalo't higit ang mga kapatagan at lambak na pinagyayaman ng mga ilog Indus, Ganges at Brahmaputra. Malaki rin ang reserba ng bakal at karbon sa bansang ito. Bagama't ipinagbabawal ng pamahalaan, tanyag ang Afghanistan sa pagtanim ng opyo. Ang mga kagubatan sa Nepal ay matatagpuan sa mga gilid ng bukubunduking Himalayas. Nagluluwas din ang Nepal ng *oil seed*, tubo, jute at tabako. Sa mga baybaying dagat ng Pakistan ay matatagpuan ang mga gubat bakawan. Makapal at mayabong ang gubat sa timog-kanlurang Sri Lanka na hitik sa puno ng *mahogany* at iba't ibang uri ng *palm*. May mga kagubatan ng *evergreen*, *ebony* at *satinwood* na matatagpuan dito. Malaki ang kapakinabangan ng *Indian Ocean* sa rehiyon dahil sa pagtustos nito ng iba't ibang yamang dagat. Sa ibang bahagi ng rehiyon tulad ng Afghanistan at Bangladesh ay paghahayupan. Batong apog, bakal, karbon, natural gas, langis, tanso, asin at *gypsum* ay ilan sa mga pangunahing yamang mineral ng Timog Asya.

Ang mga likas na yaman ng Timog-Silangang Asya. Nasa mga lupain ng Myanmar at Brunei ang malalawak na kagubatan. Tinatayang nasa 84% ng kagubatan sa Brunei ang nagsisilbing panirahan ng iba't-ibang uri ng unggoy, ibon at *reptile*. Sa kagubatan ng Myanmar matatagpuan ang pinakamaraming punong *teak* sa buong mundo, samantalang ang maraming punong *palm* at matitigas na kahoy gaya ng apitong, yakal, lauan, kamagong, ipil, pulang narra, mayapis at iba't ibang *species* ng dapo ay nasa kagubatan ng Pilipinas. Matatagpuan sa mga lambak ng Irrawaddy River at Sittang River ang pinakamatabang lupa sa Myanmar. Sa Cambodia, ito ay sa paligid ng Mekong River at Tonle Sap. May iba't ibang pananim sa rehiyon. Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang nangunguna sa buong daigdig sa produksyon ng langis ng niyog at kopra. Ang kalabaw, baka, baboy, kabayo, kambing at manok ang karaniwang inaalagaang hayop sa rehiyon. Sa yamang mineral, malaki ang deposito ng langis at *natural gas* sa Indonesia at ang mahigit sa 80% ng langis sa Timog-Silangang Asya ay nanggagaling sa bansang ito, gayundin ang mahigit sa 35% ng *liquefied gas* sa buong daigdig. *Liquefied gas* din ang pangunahing mineral ng Malaysia habang tanso naman ang sa Pilipinas. Ang malalaking ilog ay pinagtatayuan ng dam ng ilang mga bansa at nililintang para sa *hydroelectric power* na siya namang pinagkukunan ng kuryente.

Ang mga likas na yaman ng Silangang Asya. Ang mga bansang China at North Korea ay mayaman sa depositing mineral. Nasa China ang pinakamalaking reserba ng *antimony*, *magnesium*, at *tungsten* sa buong daigdig, gayundin ang reserba ng karbon dito na isa sa mga pinakamalaki sa buong daigdig. Salat sa yamang mineral ang Japan bagamat nangunguna ang bansang ito sa industriyalisasyon. Gayunpaman, nagtanim sila ng mga punong mulberry upang

maging pagkain ng mga *silkworm* ay nangunguna ang Japan sa industriya ng telang *silk* o sutla.

Ang yamang lupa ng Silangang Asya ay matatagpuan sa iba't ibang anyo nito, maliban lamang sa mabuhangin o tigang na lupa sa Mongolia. Sakop ng China ang 7% ng lupa sa buong mundo na maaaring bungkalin at ito'y pinagtataniman ng iba't ibang uri ng pananim. Pangunahing pananim nito ang palay, at siyang nangunguna sa produksiyon nito sa buong mundo. Ang ilang mga bahagi ng Silangang Asya ay nakatuon din sa pagtatanim at paghahayupan. Sa China at sa ibang mga bansa ng rehiyon, ang malalaking hayop ay ginagamit din bilang katulong sa paghahanapbuhay. Ang mga anyong tubig ay nililinang din para sa kapakinabangan ng mga nakatira rito.



Subukin Natin

Magbasa Tayo!

Handa ka na ba sa ating gawain? Batay sa binasang teksto, punan ang patlang ng tamang sagot upang mabuo ang talata. Piliin sa loob ng panaknong ang kasagutan.

Magkakaiba ang likas na yaman ng mga rehiyon sa Asya. Ang Hilagang Asya bagama't dahil sa tindi ng lamig dito ay halos walang punong nabubuhay dito. Ang mga 1. _____ (troso, ginto) mula sa Siberia ang tanging yamang gubat sa rehiyong ito. Ang pangunahing industriya ng Turkmenistan ay 2. _____ (langis, *natural gas*). Pagsasaka naman ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao sa mga bansang napabilang sa Timog Asya. 3. _____ (Gulay, Palay) ang pinakamahalagang produkto rito. Sa Timog- Silangang Asya partikular na sa Myanmar matatagpuan ang pinakamaraming 4. _____ (punong *teak*, punong niyog). Ang Silangang Asya ay nakatuon din sa pagtatanim at 5. _____ (paghahayupan, pagmimina). Gaya ng ibang bansa sa Asya, ang Pilipinas ay isang bansang 6. _____ (agrikultural, industriyal). 7. _____ (Bigas, Ginto) ang pangunahing ani ng bansa na karaniwang ginagapas sa malalawak na kapatagan ng Luzon. Tahanan din ng di-pangkaraniwang uri ng hayop at ibon ang bansa.

Karamihan sa mga bansa sa rehiyon ng Kanlurang Asya ay walang ulan at madisyerto. Ngunit kahit pa sa madisyertong lokasyon nito, ang mga bansa sa rehiyon ay sagana sa 8. _____ (yamang gubat, yamang mineral) na naging pangunahing produktong panluwas ng rehiyon. Pinakamalaking tagapagluwas ng petrolyo ang bansang 9. _____ (Saudi Arabia, Myanmar). Bagamat may kakulangan sa matabang lupain dahil sa mga disyertong lugar ng mga bansa sa Kanlurang Asya, nangunguna naman ang Iraq sa produksyon ng 10. _____ (*dates*, palay).



Isagawa Natin

Kahon Ko, Punan Mo!

Ngayong natukoy mo na ang iba't ibang yamang likas na matatagpuan sa mga rehiyon sa Asya. Paghambingin mo naman ang mga likas na yaman na matatagpuan sa bawat rehiyon nito. Batay sa iyong nabasang teksto, punan ng mga matatagpuan na likas na yaman sa bawat rehiyon ng Asya ang mga kahon sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan.

Hilagang Asya

Kanlurang Asya

Timog Asya

Timog-Silangang Asya

Silangang Asya

Pamprosesong Tanong:

1. Paghambingin ang likas na yaman ng limang rehiyon. Ano ang mahihinuha mong nagbunsod sa pagkakaroon ng mga ganitong katangian ng likas na yaman sa Asya?
2. Ano-anong likas na yaman ang sagana sa Asya? Paano ito nakatulong sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga tao sa mga rehiyon nito?



Ilapat Natin

Reflective Journal

Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong upang mapangalagaan at maprotektahan ang mga likas na yaman sa ating bansa at sa inyong komunidad? Ipaliwanag.



Rubrik

Mamarkahan ang iyong gawain batay sa rubrik na ito.

Batayan	Napakahusay 10	Mahusay 8	Medyo mahusay 6	Hindi mahusay 4
Nilalaman				
Organisasyon ng ideya				
Kaayusan at kalinisan				



Sanggunian

Mateo, Ph.D., Grace Estela C., et al. Asya: Pag-usbong ng Kabihasanan.

Vibal Publishing House Quezon City, Philippines. 2008.

Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba. pp. 39 - 42

LRMDS, DepEd Philippines

SSLM Development Team

Writer: **Angelo C. Bombita**

Content Editor: **Mia L. Calub**

LR Evaluator: **Edna D. Casa -Nueva Ecija**

Illustrator:

Creative Arts Designer: **Reggie D. Galindez**

Education Program Supervisor: **Lito S. Adanza, Ph.D.**

Education Program Supervisor – Learning Resources: **Sally A. Palomo**

Curriculum and Instruction Division Chief: **Juliet F. Lastimosa**

Asst. Schools Division Superintendent: **Carlos G. Susarno, Ph. D.**

Schools Division Superintendent: **Romelito G. Flores, CESO V**